

**MGO TINGOG TO GUYANGAN (MGA BOSES NG KAGUBATAN):  
PAGSASALIN SA FILIPINO NG MGA AKDANG MANOBO  
NI TEOFILA BADA**

Jeffrey S. Salinas  
[jeffrey.salinas@deped.gov.ph](mailto:jeffrey.salinas@deped.gov.ph)  
*Department of Education-Agusan del Sur*

Fe S. Bermiso  
[bermiso.fs@pnu.edu.ph](mailto:bermiso.fs@pnu.edu.ph)  
*Philippine Normal University*

**ABSTRAK**

Layunin sa pananaliksik na maisalin sa Filipino ang mga piling akdang Manobo na isinulat ni Teofila Bada sa kanyang aklat na **A Voice from the Forest** na maaaring gamitin sa pagtuturo ng Filipino at Panitikan sa sekundarya. Kwalitatib-deskriptib na pamaraan ang ginamit sa pananaliksik na ito. Gamit ang teoryang Komunikatibong Salin ni Newmark (1988), Cultural Turn in Translation Studies nina Bassnett at Lefevere (1990), Skopos Theory ni Hans Vermeer (1989) at ang Meaning-based Translation ni Larson (1984), isinalin ang mga napiling panitikan at isinalang sa una at ikalawang balidasyon. Ang balidasyon ay ginawa ng tatlong gurong eksperto sa Filipino at wikang Manobo. Ginamit sa balidasyon ng salin ang rubrik sa pagtataya ng salin na binuo ni Chavez (1999) na isinalin sa Filipino ni de Guzman (2007). Pagkatapos mabalideyt ay nagkaroon ng pagbabalik-salin na nilahukan ng isang propesynal na Manobo na may kakayahang magsalin sa wikang Manobo at may kaalaman sa wikang Filipino. Pagkatapos ng balik-salin, isinalang ang salin sa hambingang-pagsubok na nilahukan ng tatlong (3) eksperto sa wikang Manobo. Sa huli ay nagkaroon ng subok-pang-unawa sa saling akda kung saan 13 sa 15 mga mag-aaral sa ika-7 baitang o 87% ang nakakuha ng excellent habang dalawa (2) naman ang nakakuha ng above average na marka. Ang resulta ng tatlong uri ng balidasyon ay nagpapahayag na angkop, malinaw at natural ang daloy ng mga salin matapos makakuha ng markang superyor ang mga nagawang salin gayundin ang kawastuhan at pagiging epektibo ng mga ito sa aktwal na pagtuturo. Iminungkahing gamitin ang mga saling akda bilang kagamitan sa pagtuturong batay sa kultura.

*Mga Susing Salita:* balidasyon, Filipino, kultura, pagsasalin, panitikan

**INTRODUKSIYON**

Sa kabila ng napakaraming panitikan sa iba't ibang panig ng mundo na nagtataglay ng natatanging kultura, ang pagkakaiba-iba ng wika ay nananatiling malaking hadlang sa pagpapalaganap ng kaalaman at pagpapanatili ng mga aspektong kultural na taglay ng mga akda. Sa ganitong konteksto, ang pagsasalin ay nagsisilbing tulay upang maipakilala ang mga panitikan mula sa iba't

ibang kultura. Sa pamamagitan ng masinop na pagsasalin, ay magbibigay-daan sa pagkakaunawaan sa kabila ng pagkakaiba-iba ng kanya-kanyang unang wika. Bukod dito, nagiging susi ang pagsasalin sa pagbibigay ng bagong buhay sa mga panitikan, sapagkat pinapahintulutan nitong maabot ng mga akda ang mas malawak na mambabasa at matamo ang pandaigdigang pagpapahalaga.

Sa Canada, naging hamon ang pagpapanatili ng kultura at mga tradisyon na mababasa sa mga katutubong panitikan at kung paano ito maipapasa sa mga susunod na henerasyon. Ang pagsasalin ang nakita bilang isang mahalagang hakbang upang mapanatili ang mga tradisyong oral at upang mapalawak ang kaalaman ng mas maraming tao tungkol sa kasaysayan at kultura ng mga *Indigenous peoples*. Ito'y bilang tugon sa binigyang-diin ni Jia (2023) na ang na ang mga pangkat indihenens ay may karapatan na maipaabot sa susunod pang lahi ang kanilang kasaysayan, wika, oral na tradisyon maging ang kanilang katutubong panitikan.

Isa ring problema ng pambansang pagkakaisa ay ang pagkakaroon ng maraming dayalekto na siyang naranasan sa India. Ito ay nagbunsod ng pagkakaroon ng maraming katutubong panitikan ngunit hindi maipakilala dahil ito ay nakasulat sa iba't ibang dayalekto. Ang naging solusyon sa problemang ito ay ang pagsalin ng mga panitikan sa wikang Hindu at iba pang pambansang wika upang mapalapit ang mga tao sa kanilang kultura at mapalakas ang pambansang pagkakaisa (Kumar, 2022). Ang pagsasalin ayon kay Rani (2021) ay isang napakalakas na pwersa na magbibigay-daan ng pagkakaunawaan at pagkakaisa.

Sa Pilipinas, naging hamon ang pagpapayaman at representasyon ng mga lokal na panitikan. Bilang tugon, isinailalim sa pagsasalin sa Filipino ang mga lokal na akdang panitikan upang mag-ambag sa pagpapalawak ng panitikang rehiyonal. Sa pamamagitan ng pagsasalin, ang mga lokal na kwento at karanasan ay naging bahagi ng mas malawak na diskurso sa pagtuturo ng panitikan at kultura. Ang pagsasalin ng mga katutubong panitikan ay mahalagang bahagi ng kurikulum sa mga paaralan, at nagsisilbing instrumento upang mapalawak ang kaalaman ng mga estudyante hinggil sa kanilang sariling kultura at kasaysayan (Noblejas, 2021). Dagdag ni Galdonez (2022), ang mga saling panitikang lokal ay kapulutan ng maraming mga pagpapahalaga na maaring magamit bilang lunsaran ng pagtuturo at pagkatuto.

Sa makatuwid, nararapat lamang na ang mga panitikang itinuturo sa mga paaralan ay dapat nagmula mismo sa kanilang lugar. Ang pagiging pamilyar ng mga mag-aaral sa mga tekstong kultural ay nagbibigay sa kanila ng motibasyon at kasiyahan dahil nauunawaan nila ang kahulugan ng tekstong binabasa (Afzal & Ilyas, 2021). Ayon kay Moral (2019), mabilis na natututo ang mga mag-aaral at mas napapahalagahan nila kung katutubong panitikan ang itinuturo sapagkat naipapakita nito ang pamilyar na kultura at paniniwalang humuhubog sa kanila.

Ang mga nabanggit ay nagpapakita ng pangangailangan ng mga guro sa Filipino ng aklat na magpapakita ng katutubong paniniwala at pagpapahalaga ng isang bayan. Mahalaga ang panitikan sa edukasyon dahil tumutulong ito upang umunlad at mas mapalalim ang pag-unawa sa karanasan ng tao. Ayon kay Ewing (2021), ang panitikan ay nagbibigay ng kapangyarihan sa mga mag-aaral at nagpo-promote ng kanilang imahinasyon. Mahalaga rin ang pag-aaral ng kultura upang lubos na maunawaan ang panitikan. Epektibong maisasakatuparan ito sa pamamagitan ng *Cultural*

*Approach to Teaching Literature* ayon kay Merrouche (2013). Ang mga guro ay may tungkuling magbigay ng mga aralin na may kaugnayan sa kultura ng mag-aaral upang mapadali ang kanilang pagkatuto, kaya't ang mga aralin ay magiging mas makulay at madaling maunawaan. Ang Artikulo 14, Seksyon 14 ng 1987 Konstitusyon ay nagbibigay-diin sa paggamit ng panitikan na malapit sa sensibilidad ng mga mag-aaral, upang madali nilang maunawaan ang mga aralin at mapalago ang kanilang appreciation sa panitikan. Dagdag pa, ang Estado ay dapat magbigay pansin sa mga pangangailangan at kalagayan ng bawat rehiyon at sektor, at dapat mag-udyok ng lokal na pagpapalano sa pagbuo ng mga patakaran at programa sa edukasyon (§ 5).

Dahil dito, hinihikayat ng kagawaran ang integrasyon ng Indigenous Knowledge Systems and Practices (IKSP's) sa lahat ng asignatura. Layon sa IKSP na iugnay sa pagtuturo at pagtataya ang mga kaalamang nakabatay sa kultura. Bunga nito ay mapapaigting ang pagkatuto ng mga kabataan at tiyak na magiging epektibo ito kung maiugnay ang pagtuturo sa kanilang konteksto (Kinomis, 2016).

Bagamat marami nang mga panukala ang naisabatas at naipatupad ukol sa pagtuturo at pagkatutong may kaugnayan sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon, nananatili pa ring salat ang kagawaran at mga paaralan ng mga kagamitang batay sa kultura. Sa halip marami pa ring mga mag-aaral ang tinuturuan ng mga kaalamang panlahat lalong-lalo na sa panitikan. Ang mga panitikang itinuturo ay hindi naglalaman ng kanilang sariling karanasan kaya hindi sila nakakaugnay rito. Ang mga panitikang ginamit sa pagtuturo ay tumatalakay sa ibang kultura na siyang isa sa mga dahilan kung bakit nagkakaroon ng balakid sa pang-unawa ng mga mag-aaral. Binigyan diin ni Dingayan (2021) ang pagsaliksik ng mga pamanang-bayan at gamitin ito sa pagtuturo, kagaya na lamang sa mga akdang isinalin sa kasalukuyang pananaliksik.

Sa lahat ng mga probinsyang pinananahanan ng mga Manobo, ang probinsiya ng Agusan del Sur sa rehiyon ng Caraga karamihan naninirahan ang pangkat etnikong Manobo na tinatawag na Agusan Manobo (Dapar et al., 2020). Kaya dapat bigyang pansin ang pagsasalang pampanitikan na nagpagpapakita ng aspektong kultural sa ibang kultura dahil ito ay isang paraan na maipakita ang lawaran ng isang komunidad (Chaal, 2018). Tinugunan nito ang pangangailangan sa pagbibigay-tuon sa pagsasalin ng mga tekstong rehiyonal upang mapalawak ang pag-unawa sa mga lokal na literatura (Philippine Normal University, 2024). Sa pamamagitan ng pagsasalin ng mga tekstong rehiyonal tungo sa pambansang wika, mas mapapalapit ang mga ito sa mas maraming mambabasa at mapanatili ang yaman ng kultura at kasaysayan ng iba't ibang rehiyon sa Pilipinas.

Bagamat may mga pag-aaral na sa kultura at panitikang Manobo, kulang pa rin ang mga ito at hindi naiaangkop sa pagtuturo. Isa sa mga hadlang ay ang kakulangan ng salin sa Filipino na magagamit sa pagtuturo. Isang malaking hamon sa guro ang kakulangang ng angkop na materyales sa pagtuturo (Domingo, 2017), kaya mahalaga ang pagsasalin upang may magagamit na panitikan bilang materyales sa pagtuturo at pagpapayaman ng kultura. Layunin ng pananaliksik na ito na isalin ang mga panitikang Manobo mula Agusan del Sur upang magagamit ang mga ito sa pagtuturo na batay sa kultura.

Naniniwala ang mananaliksik na ang pagsasa-Filipino ng mga akdang Manobo ay makakatulong sa mga guro ng Panitikan na maging mas epektibo sa pagtuturo. Ang mga isinaling akda ay maaaring gamitin sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon bilang alternatibo o pandagdag sa mga kagamitang pampagtuturo. Ayon kay Madrid (2019), ang pagsasalin ay nakakatulong sa mas mabilis na pag-unawa ng mga mag-aaral sa aralin at gawain. Bukod dito, ang paggamit ng ganitong materyal ay nag-aambag din sa intelektwalisasyon ng wikang pambansa, ang Filipino.

### **Layunin ng Pag-aaral**

Pangkalahatang layunin ng pag-aaral na ito ang maisalin sa Filipino ang mga piling akdang Manobo mula sa panulat ni Teofila Bada na *A Voice from the Forest* upang magamit na lokalisasyon at kontekstwalisasyon sa mga panitikang ginagamit sa pagtuturo sa mga paaralan upang maisakatuparan ang pagtuturo na batay sa kultura.

Ang mga tiyak na layunin ng pag-aaral na ito ay:

1. maisalin sa Filipino ang mga natukoy na mga panitikang Manobo mula sa *A Voice from the Forest*;
2. maipasuri ang kaangkupan at pagiging epektibo ng nabuong salin sa Filipino ng mga piling akdang Manobo;
3. marebisa ang salin batay sa kinalabasan ng balidasyon; at
4. matiyak ang kabisaan ng salin sa papamagitan ng subok-pag-unawa.

### **Batayang Teoritikal at Paradima ng Pananaliksik**

Ang pananaliksik na ito ay nakaangkla sa iba't ibang teorya sa pagsasalin. Una, ang teoryang komunikatibo ni Newmark (1998). Ikalawa, ang *Cultural Turn in Translation Studies* nina Bassnett at Lefevere (1990). Ikatlo, ang *Skopos Theory* ni Hans Vermeer (1989) at ang panghuli ay ang teoryang Meaning-based Translation ni Larson (1984).

Ang teoryang komunikatibo ni Newmark ay nagsasaad na ang pagsasalang-wika ay pagbibigay kahulugan ng isang teks sa ibang wika sa paraang ninanais ng may-akda. Ang pagsasalin ay isang masalimuot at mahirap na gawain sapagkat napakaraming salik ang dapat isaalang-alang tulad ng kultura, kaugalian, at kaayusang panlipunan. Mahirap ang gawaing pagsasalin sapagkat nakatali ito sa orihinal kaya ang tagasalin ay hindi malayang magpasok ng kanyang sariling kaisipan. Sa makatuwid, ang salin ay kinakailangang nagtataglay ng diwa at kahulugan ng isinaling akda. Para matugunan ang mga salik na ito, ang labingwalong (18) teknik sa pagsasalin ayon kay Newmark ay isaalang-alang upang makatugon sa paglutas ng mga suliranin sa pagsasalin.

Tinatalakay naman sa *Cultural Turn in Translation Studies* nina Susan Bassnett at André Lefevere (1990) na ang pagsasalin ay hindi lamang simpleng paglilipat ng wika kundi isang masalimuot na proseso ng interkultural na pakikipag-ugnayan. Isa sa mga pangunahing konsepto ng teorya ay ang ideya na ang pagsasalin ay isang aktibidad na nakaugat sa kultura. Ang bawat teksto ay produkto ng partikular na konteksto at sistemang kultural, kaya't kailangang isaalang-alang ng tagasalin ang mga kultural na elemento upang magtagumpay sa pagsasalin. Kalakip nito

ang impluwensya ng ideolohiya at kapangyarihan, kung saan ang desisyon sa pagsasalin ay madalas na naapektuhan ng mga interes ng patron o institusyon, tulad ng gobyerno, relihiyon, at media. Sa ganitong paraan, ang pagsasalin ay nagiging instrumento ng kontrol o manipulasyon upang umayon sa mga layunin ng pinaglilingkuran nito.


Samantala, ang Skopos Theory ni Hans Vermeer (1989) ay nakatuon sa layunin o skopos ng pagsasalin. Ayon sa teoryang ito, ang pangunahing batayan ng pagsasalin ay ang layunin ng isinasagawang pagsasalin at ang pangangailangan ng target na mambabasa o kultura. Sa pagsasaling kultural, ang tagasalin ay kailangang mag-adjust sa mga pangangailangan at layunin ng kultura ng target na mambabasa, habang nireesperto ang kahulugan at mensahe ng orihinal na teksto. Ang skopos o layunin ng pagsasalin ay nagdidikta kung paano ang teksto ay dapat isalin upang matugunan ang mga pangangailangan ng target na kultura, pati na rin ang konteksto kung saan ito gagamitin.

Ayon kay Larson (1984), ang Meaning-based Translation ay nagpapaliwanag na kahit binabago ang surface structure ng simulaang wika (SW) tulad ng salita, parirala, o talata kapag isinalin sa tunguhang wika (TW), nananatili ang orihinal na kahulugan. Sa prosesong ito, ang akda ay isinasalin sa natural na anyo ng TW ngunit hindi nawawala ang layunin ng orihinal. Bukod sa referensyal at istruktural na kahulugan, mahalaga rin ang kahulugang sitwasyunal, lalo na sa pag-unawa ng mga aspektong pangkultura. Pinapayo rin ang paggamit ng idyomatikong salin upang maging natural ang daloy ng teksto at maiwasan ang "himig salin."

Ayon sa Meaning-Based Translation, mahalaga ang pagsusuri ng teksto bilang unang hakbang sa pagsasalin. Tinutulungan nito ang tagapagsalin na matukoy ang nakatagong kahulugan at simbolikong wika. Dapat ding ihambing ang salin sa orihinal upang masiguro ang tumpak na pagkakasalin. Kapag ganap na naisalin, isasailalim ito sa pagtataya. Ang metodong ito ay nakakatulong sa pagsasalin ng mga metapora, lalo na kung may kaugnayan ang simulaang wika at tunguhang wika, kaya't nababawasan ang mga hamon sa proseso ng pagsasalin. (Tingnan sa kasunod na pahina ang grapikal na representasyon ng teorya at mga konseptwal na balangkas ng pag-aaral.)

**Figyur 1**

*Teoritikal at Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral*



Mula sa aklat *A Voice from the Forest* ni Teofila Bada, pinili ang mga panitikang angkop gamitin sa pagtuturo ng panitikan sa sekondarya. Ang mga akdang napili ang siyang isinalin sa Filipino. Matapos maisalin ay isinagawa ang una at ikalawang balidasyon para mataya ang pagkabalido ng mga salin. Ang balidasyon ay nilahukan ng tatlong eksperto na pinili ayon sa *set* ng mga pamantayan. Matapos dumaan sa masusing balidasyon ay nagkaroon na ng isang tanggap na salin ngunit hind pa rito nagtatapos ang proseso. Upang masigurado ang kaangkupan ng mga salin, nagkaroon ng pagbabalik-salin sa mula sa salin sa Filipino patungong wikang Manobo. Pagkatapos maisagawa ang pagbabaliksalin ay isinailalim ito sa proseso ng hambingang-pagsusuri para makita ang pagkakapareho at pagkakaiba ang orihinal sa ibinalik-saling mga akda. Matapos matasa ang ibinalik-saling akda ay isinagawa ang pinal at ikatlong uri ng balidasyon, ang subok-pang-unawa, para masukat ang kaangkupan at pagkaepektibo ng mga isinaling akda sa pamamagitan ng pagpapabasa at pagpapasagot sa mga mag-aaral base sa binasang mga akda.

## METODOLOHIYA

## Desinyo ng Pag-aaral at Metodo

Ang pananaliksik na ito ay kwalitatib-deskriptib. Ayon kay McCombes (2019), magandang piliin ang deskriptibong pamaraan ng pananaliksik kung ang pananaliksik ay tungkol sa paglalarawan ng mga katangian, prekwensya, at mga kategorya. Ginagamitan ito ng mga talatanungan sa pangangalap ng datos. Ang pamaraang deskriptibo ang ginagamit para mailarawan ang resulta ng pagtataya sa kahusayan ng salin at kung ano ang lebel ng pagsang-ayon ng mga ekspert bilang mga ebalweytor (Madrid, 2019). Samantala, ang kwalitatibong pananaliksik naman na tumutukoy sa pagsusuri batay sa nilalaman ay isang karaniwang teknik na ginagamit upang maunawaan ang mga pangunahing paksa, tema at mensahe sa mga tekstong nakalap (Krippendorff, 2013). Ito ang proseso ng kasalukuyang pag-aaral ng mga teksto upang matukoy ang mga kategorya, tema, at ugnayan ng mga teksto.

## Lokasyon ng Pag-aaral

Ang pag-aaral ay ginanap sa bayan ng La Paz, Agusan del Sur kung saan laganap ang paggamit ng wikang Manobo dahil ito ay ang unang wika ng tribong naninirahan dito. Naging ganapan din ng pag-aaral ang La Paz National High School para sa ginawang subok-pag-unawa o *pilot testing* ng mga salin.

## Figyur 2

Mapa ng Agusan del Sur



## Sampling at mga Kalahok

Pinili ang mga kalahok gamit ang *purposive sampling* na teknik. Naging kalahok sa pag-aaral na ito ang tatlong (3) guro sa Filipino bilang mga balideytor ng salin upang matiyak ang kalidad ng mga salin. Pinili ang mga kalahok batay sa mga sumusunod na mga pamatayan: (1) guro sa Filipino na may degri sa pagtuturo ng Filipino; at (2) may kaalaman sa wikang Manobo at wikang Filipino. Ang nagbalik-salin naman ay pinili sa parehong sampling teknik. Naging pamantayan sa pagpili ng tagabalik-salin ang mga sumusunod: una, isang propesyunal na bihasa sa pagsasalita sa wikang

Manobo; ikalawa, may kakayahan sa paggamit ng wikang Filipino. Ang tatlong kalahok naman sa hambingang-pagsusuri ay mga propesyunal na indibidwal na pinili batay sa pamantayang: una, may kasanayan sa pagsasalita at paggamit ng wikang Manobo; ikalawa, may kasanayan sa pagwawasto at pagbabaybay gamit ang wikang Manobo.

Samantala, *convenient* sampling teknik ang ginamit sa pagpili ng pangkat na binubuo ng labinlimang (15) mag-aaral na naging kalahok sa ginawang *subok-pag-unawa*. Pinili ang mga mag-aaral ng La Paz National High School na nasa baitang 7 dahil Panitikang Rehiyunal ang itinuturo sa antas na ito at ito ay angkop sa ginawang pag-aaral.

### **Pangangalap ng Datos**

Ang mga prosedyur ng pag-aaral ay umalinsunod sa tatlong yugto ng pagsasalin na iminungkahi ni Larson (1984). Nagsagawa ng mga hakbang ang mga mananaliksik sa bawat yugto sa ginawang pagsasalin:

#### ***Unang Yugto: Gawaing Paghahanda***

Sa yugtong ito pinili ang mga akdang isinalin. Naging batayan sa pananaliksik ang aklat na *A Voice from the Forest* ni Teofila Bada. Binasa ang mga panitikang Manobo at ginawan ng buod. Isinaalang-alang sa pagpili ang: una, nagtataglay ito ng kuwento; pangalawa, kababanaagan ng kultura; at pangatlo, ang pagiging angkop na ituro sa sekundarya.

#### ***Ikalawang Yugto: Aktwal na Pagsasalin***

*Pagsulat ng unang salin.* Sa unang burador, tinumbasan ang bawat salita mula sa napiling panitikan. Inuna ang literal na pagsasalin, isinantabi muna ang mga mensahe, at binigyang-pansin ang mga salitang walang katumbas. Ginamit ang diksyunaryo o pagtatanong sa mga nakatatandang dalubhasa sa simulaang wika upang makahanap ng mas angkop na kahulugan. Ang prosesong ito ay tinatawag na exegesis, o ang pagdiskubre sa kahulugan ng simulaang wika na isasalin. Layunin nitong maipahayag nang wasto ang kahulugan ng simulaang wika sa tunguhang wika, ayon kay Larson (1984).

*Balidasyon ng unang salin.* Isinagawa ang balidasyon sa unang burador upang matiyak na wasto ang itinumbas na mga salita sa SW ayon sa pagkakagamit ng mga ito sa pangungusap. Ayon sa teorya ni Larson (1984) kasama sa pagsusuri ng simulaang teksto ang pagresulba sa mga salitang malabo ang kahulugan, mga nakatagong kahulugan, mga tayutay at gramatika. Ang lahat ng ito ay isinaalang-alang para mapaganda ang produktong salin.

Naghanda ng kopya ng mga isinaling akda na siyang ibinigay sa mga gurong balideytor sa ginawang mga salin upang mataya ang pagkabalido nito. Ang rubrik na binuo ni Chavez (1999) na isinalin ni de Guzman (2007) ang ginamit upang matiyak ang pagkabalido ng mga salin.

*Rebisyon ng unang salin.* Pagkatapos mabalida ang unang bersiyon ng mga salin, ito aay nirebisa ng mga mananaliksik ayon sa mga komento at mga suhestiyon ng mga balideytor. Itinala



ang mga nirebisang salita kung ano ang papalitan o aalisin sa mga salitang may kalabuan sa pagpapahayag ng salin. Ayon kay Larson (1984), na bawat teksto ay binubuo ng mga salitang mahalaga base sa nilalaman at kung paano ito ilapat sa komunikatibong aspeto kaya ito ay dapat bigyan ng pansin.

*Balidasyon sa nirebisang salin.* Upang higit na matiyak ang kawastuhan ng ginawang salin, ipinatasa ito sa ikalawang pagkakataon sa mga gurong balideytor upang makakuha ng kanilang *feedback* lalong-lalo na ang mga mungkahi tungkol sa nirebisang burador.

### ***Ikatlong Yugto: Ebalwasyon ng Pinal na Salin***

*Pagbabalik-salin.* Ang mga saling akda sa Filipino ay ibinalik-salin sa orihinal nitong wika, ang wikang Manobo. Ang naging tagabalik-salin ay isang propesyunal na bihasa sa pagsasalita at paggamit ng wikang Manobo at may kakayahan din sa pagsasalita ng wikang Filipino.

*Hambingang pagsusuri.* Ang mga ibinalik-saling akda ay ipinasuri sa mga balideytor kung may pagkakatulad o may mga diwang hindi magkatugmang-diwa mula sa orihinal. Kung may hindi naman pagkakatumang ay binigyan agad ng katumbas ng mga eksperto.

*Pagrebisa ng balik-salin.* Isinagawa ang pinal na rebisyon ng mga salin batay sa mga mungkahi ng mga eksperto sa hambingang-pagsusuri. Isasaalang-alang sa pagrerebisa ang mga suhestiyon na ibinigay ng mga balideytor sa mga salin. Alinsunod ito sa tinuran ni Larson (1984) na pagkatapos ng ebalwasyon sa ginawang salin, ito ay rerebesahin batay sa mga *feedback* na natanggap.

*Subok-pag-unawa.* Nagsagawa ng subok pag-unawa sa pamamagitan ng *Pilot Testing* ng mga saling akda. Nilahukan ito ng labinlimang mag-aaral ng La Paz National High School na nasa ikapitong baitang. Bumuo rin ng mga katanungang susubok sa pang-unawa ng mga mag-aaral mula sa mga piling saling akda. Alinsunod kay Larson (1984), ang mga katanungang ito ay sasagutin ng mga kalahok pagkatapos magbasa. Siniguradong ang mga katanungan ay maayos para maipakita nito ang tema, ang mensaheng pinararating ng awtor, at mga kulturang inilalahad sa tekstong binasa.

## **MGA NATUKLASAN AT DISKUSYON**

### **Pagsasalin ng mga Napiling Akda**

Ang mga panitikang isinalin sa Filipino ay mula sa aklat ni Teofila Bada na “*A Voice from the Forest.*” Ito ay binubuo ng limampo’t siyam na panitikan na siyang pinagpilian ng mananaliksik batay sa mga pamantayang inihanda. Batay sa ginawang pagpili ng mananaliksik, lumabas na labing apat mula sa limampo’t siyam na panitikan ang naging pasok sa inihandang pamantayan na siyang ginawan ng salin sa Filipino.

## Balidasyon ng mga Saling Akda

Ipinabalida ang mga saling akda sa tatlong ekspertong guro na may kaalaman sa wikang Manobo at wikang Filipino. Sila rin ay medyor sa Filipino at may mahabang karanasan sa pagtuturo ng Filipino at nagtuturo rin sila ng mga mag-aaral na kabilang sa tribong Manobo.

Gamit ang rubrik sa pagtataya ng salin na ginawa ni Chavez (1999) na isinalin sa Filipino ni de Guzman (2007), ipinataya sa mga ekspertong guro ang mga panitikang isinalin sa Filipino. Ang rubrik ay binubuo ng pitong parametro na siyang pinagbatayan ng mga balideytor: (1) Pangkalahatang impak ng salin; (2) Kawastuhan ng Salin; (3) Kaangkupan ng salin; (4) Kalinawan ng salin; (5) Pagiging natural o madulas na daloy ng salin; (6) Elementong pandiskurso; at (7) Mekaniks (Mga sangkap sa Pagkakabuo o Pagkakasulat ng Salin). Nasa kasunod na talahanayan ang resulta ng unang pagtataya.

### Talahanayan 1

#### Resulta ng Unang Balidasyon ng mga Saling Akda

Panitikan	Balideytor	Parametro							Ave.	Mean	Interpretasyon
		P1	P2	P3	P4	P5	P6	P7			
1. Ang Baboy at ang Leon	B1	4	3	4	4	4	3	3	3.57	3.71	Superyor
	B2	4	4	4	4	4	3	3	3.71		
	B3	3	4	4	4	4	4	4	3.86		
<i>Average</i>		3.67	3.67	4.00	4.00	4.00	3.33	3.33			
2. Ang Buhay ng mga Manobo Noon at Ngayon	B1	3	3	3	4	4	3	3	3.29	3.67	Superyor
	B2	4	4	4	4	4	4	3	3.86		
	B3	4	4	4	4	4	4	3	3.86		
<i>Average</i>		3.67	3.67	3.67	4.00	4.00	3.67	3.00			
3. Ang Buhay ni Bungkasanon	B1	4	3	4	4	4	3	3	3.57	3.76	Superyor
	B2	4	4	4	4	4	3	4	3.86		
	B3	4	4	4	4	4	4	3	3.86		
<i>Average</i>		4.00	3.67	4.00	4.00	4.00	3.33	3.33			
4. Ang Buhay Pagkatapos ng Kamatayan	B1	4	4	4	4	4	3	3	3.71	3.81	Superyor
	B2	4	3	3	4	4	4	4	3.71		
	B3	4	4	4	4	4	4	4	4.00		
<i>Average</i>		4.00	3.67	3.67	4.00	4.00	3.67	3.67			
5. Ang kaibahan ng Pag-aaral Noon at Ngayon	B1	3	4	3	4	4	3	3	3.43	3.67	Superyor
	B2	4	3	4	4	4	3	3	3.57		
	B3	4	4	4	4	4	4	4	4.00		
<i>Average</i>		3.67	3.67	3.67	4.00	4.00	3.67	3.33			
6. Ang Kapital ng Pagiging Mabuti	B1	3	4	4	4	4	3	3	3.57	3.76	Superyor
	B2	4	3	4	4	4	4	4	3.86		
	B3	4	4	4	3	4	4	4	3.86		
<i>Average</i>		3.67	3.67	4.00	3.67	4.00	3.67	3.67			
7. Ang Langis na Nakabubuhay	B1	3	4	3	4	4	3	3	3.43	3.67	Superyor
	B2	4	3	4	4	4	3	3	3.57		

	B3	4	4	4	4	4	4	4	4.00		
	<i>Average</i>	3.67	3.67	3.67	4.00	4.00	3.33	3.33			
8. Ang Pag-aalaga at Pagdidisiplina sa mga Batang Manobo	B1	4	4	3	4	4	3	4	3.71	3.76	Superyor
	B2	3	3	4	4	4	4	3	3.57		
	B3	4	4	4	4	4	4	4	4.00		
	<i>Average</i>	3.67	3.67	3.67	4.00	4.00	3.67	3.67			
9. Ang Sawa	B1	4	3	4	4	4	3	3	3.71	3.81	Superyor
	B2	3	4	4	4	4	4	4	3.86		
	B3	4	4	4	4	4	4	4	4.00		
	<i>Average</i>	3.67	3.67	4.00	4.00	4.00	3.67	3.67			
10. Ang Ibong Tahaw	B1	4	3	3	4	4	3	3	3.43	3.71	Superyor
	B2	3	3	4	4	4	4	4	3.71		
	B3	4	4	4	4	4	4	4	4.00		
	<i>Average</i>	3.67	3.33	3.67	4.00	4.00	3.67	3.67			
11. Ang Handaen-og	B1	4	3	3	4	4	3	3	3.43	3.71	Superyor
	B2	4	4	4	4	4	4	3	3.86		
	B3	4	4	4	4	4	3	4	3.86		
	<i>Average</i>	4.00	3.67	3.67	4.00	4.00	3.33	3.33			
12. Kung Paano Pinangalanang Langasian ang Lugar na Ito	B1	4	3	3	4	4	4	3	3.57	3.71	Superyor
	B2	4	3	4	4	4	4	4	3.86		
	B3	3	4	4	4	4	3	4	3.71		
	<i>Average</i>	3.67	3.33	3.67	4.00	4.00	3.67	3.67			
13. Si Juan at si Maria	B1	4	3	4	4	4	3	3	3.57	3.67	Superyor
	B2	4	4	4	4	4	3	3	3.71		
	B3	3	3	4	4	4	4	4	3.71		
	<i>Average</i>	3.67	3.67	4.00	4.00	4.00	3.33	3.33			
14. Si Subana at ang kanyang Alagang Buwaya na si Subano	B1	4	4	3	4	4	3	3	3.57	3.62	Superyor
	B2	4	3	4	4	4	3	3	3.57		
	B3	4	4	4	4	4	3	3	3.71		
	<i>Average</i>	4.00	3.67	3.67	4.00	4.00	3.00	3.00			
Batayan ng desisyon:	3.25-4.00 - Superyor 2.50-3.24 - Mabuti 1.75-2.49 - Di Gaanong Mabuti 1.00-1.74 - Mahina										

Makikita sa talahanayan 1 ang resulta ng unang balidasyon ng labing-apat (14) na salin ng mga akda na ipinataya sa tatlong (3) balideytor. Mapapansin na lahat ng saling akda ay nakakuha ng 3.25 pataas na *mean* na nangangahulugang superyor ang lahat ng mga saling akda.

Mula sa mga naipasuring mga akda, ang nakakuha ng may pinakamamabang *mean* ay ang saling “*Si Subana at ang kanyang Alagang Buwaya na si Subano*” na nakakuha kabuuang *mean* na 3.62. Mababa ang *mean* ng saling ito ay maliit ang nakuhang marka sa parametro 6 at 7 na halos 3.00 lamang ang ibinigay ng tatlong balideytor. Isa rin sa dahilan ng pagkakaroon ng mababang marka ng salin ay marami itong mga maling baybay kompara sa ibang mga saling akda. Ang mga salin naman na nakakuha ng pinakamataas na *mean* ay ang saling “*Ang Buhay Pagkatapos ng Kamatayan*” na nakuha ng 3.81 at ang saling “*Ang Sawa*” na nakakuha din ng 3.81 na *mean*.

Batay sa mga markang ibinigay ng mga balideytor, makikita na ang parametro 5 ang nakakuha ng pinakamataas na markang 4.00, sinundan ng parametro 4 na nakakuha ng 3.98. Ito ay nagpapahiwatig na ang saling akda ay malinaw at madaling maunawaan. Sa kabilang banda, ang parametro 7 ay nakakuha ng pinakamababang markang 3.48. Ito ay dahil karamihan sa mga markang ibinigay ng mga balideytor sa lahat ng akda ay nasa 3.00 at 3.33. Ang mababang markang ito ay dahil sa mga maling baybay ng mga salita na napansin ng mga balideytor. May ilang halimbawa ng maling baybay tulad ng "isagn," "nag," "tiayahin," "baboyramu," "tumingil," "unag," "pagkarining," at iba pa.

Ang pangalawang parametro na may mababang markang 3.48 ay ang parametro 6. Katulad ng parametro 7, karamihan sa mga balideytor ay nagbigay ng markang 3.00 at 3.33. Ang pinakamataas na markang ibinigay dito ay 3.67. Ang karaniwang dahilan nito ay ang maling paggamit ng mga salita sa mga salin. Halimbawa ng mga maling paggamit ay ang pagpapalit ng "kumain" sa "kumakain," "nagpatianod" sa "sumasabay," "buhay" sa "nabubuhay," "kaedad" sa "kasing-edad," "pakasalan" sa "ipapakasal," "bukid" sa "sakanan," "mahina" sa "mabagal," at "napilit" sa "pinilit." Ito ay nagpapahiwatig na may kakulangan sa elementong pandiskurso at mekaniks ang karamihan sa mga salin.

Sa pangkalahatan, ang unang balidasyon ng mga salin ay nakakuha malalaking marka. Ito ay nangangahulugang ang pagsasalin ng mga akda ay nasa mataas na antas.

### **Rebisyon ng Salin at Pagsalang sa Ikalawang Balidasyon**

Pagkatapos ng unang balidasyon ng mga salin ay nirebisa ang mga ito. Ang mga komento, suhestiyon at rekomendasyon ng mga balideytor ay mariing sinunod para makuha ang napakataas na marka, ang 4.00.

Sa ikalawang balidasyon ng mga nirebisang salin, mapapansin na ang lahat ng salin ay nakakuha ng markang 4.00 matapos ang rebisyon. Ito ay dahil maayos na tinugunan ang lahat ng mga maling aspekto sa mga salin tulad ng maling gamit ng mga salita, pagdudugtong ng mga salitang dapat pag-ugnayin, paglilipat ng mga salita, at maging ang mga maling baybay.

Sa ikalawang balidasyon, nakamit ng mga rebisadong akda ang kahusayan, kawastuhan, kalinawan, at maayos na daloy ng salin. Naayos na rin ang tamang paggamit ng mga salita at baybay. Bagamat sa unang balidasyon ay naabot na ang interpretasyong superior, may mga salitang pinalitan at maling baybay na itinama sa pagrerebisa. Matapos ang rebisyon, ipinasuri muli ang mga salin batay sa suhestiyon ng mga balideytor bilang ikalawang balidasyon. Sa prosesong ito, natiyak ang pinakinis na bersyon ng mga salin, na umabot sa mean na 4.00 sa lahat ng akda. Ang resulta ng una at ikalawang balidasyon ay makikita sa Talahanayan 2.

## Talahanayan 2

### Resulta ng Una at Ikalawang Balidasyon ng mg Saling Akda

Panitikan	Mean sa Unang Balidasyon	Mean sa Ikalawang Balidasyon	Interpretasyon
Ang Baboy at ang Liyon	3.71	4.00	Superyor
Ang Buhay ng mga Manobo Noon at Ngayon	3.76	4.00	Superyor
Ang Buhay ni Bungkasanon	3.76	4.00	Superyor
Ang Buhay Pagkatapos ng Kamatayan	3.82	4.00	Superyor
Ang kaibahan ng Pag-aaral Noon at Ngayon	3.67	4.00	Superyor
Ang Kapalit ng Pagiging Mabuti	3.76	4.00	Superyor
Ang Langis na Nakabubuhay	3.67	4.00	Superyor
Ang Pag-aalaga at Pagdidisiplina sa mga Batang Manobo	3.76	4.00	Superyor
Ang Sawa	3.86	4.00	Superyor
Ang Ibong Tahaw	3.71	4.00	Superyor
Ang Handaen-og	3.71	4.00	Superyor
Kung Paano Pinangalanang Langasian ang Lugar na Ito	3.71	4.00	Superyor
Si Juan at si Maria	3.67	4.00	Superyor
Si Subana at ang kanyang Alagang Buwaya na si Subano	3.67	4.00	Superyor
Saklaw ng desisyon:	3.25-4.00	-	Superyor
	2.50-3.24	-	Mabuti
	1.75-2.49	-	Di Gaanong Mabuti
	1.00-1.74	-	Mahina

### Balik-salin

Matapos ang unang at ikalawang balidasyon, isinagawa ang pagbabalik-salin, isang proseso ng pagwawasto na ginagawa ng isang bilingual na eksperto sa parehong wika ng pagsasalin (Larson, 1984). Sa pag-aaral na ito, ang pagbabalik-salin ay mula Filipino patungong Manobo, kung saan ang Filipino ang target na wika at ang Manobo ang orihinal na wika.

Pagkatapos mairekord ang mga naibalik-saling akda, binalikan ang mga nairekord na audio at pinroseso gamit ang word processor. Matapos ma-encode ang mga akda, isinapinal ang mga ito at isinalang sa panibagong ebalwasyon, ang hahambingang-pagsubok.

### Hambingang-Pagsubok

Ang mga ibinalik-saling akda ay ipinasuri sa tatlong eksperto sa wikang Manobo: dalawang dalubguro na bihasa sa paggamit ng wika at isang *tribal chieftain*. Pinabasa at pinahambing sa kanila ang mga saling akda at ang orihinal na teksto. Tinalakay nila ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mensahe ng dalawang teksto, pati na rin ang mga diwang hindi maunawaan. Kung

may mga hindi pagkakatugma, magbibigay sila ng mas angkop na salita upang tiyakin na magiging wasto at akma ang produktong salin.

### **Rebisyon ng Balik-salin**

Batay sa kinalabasan ng balidasyon, may mga salin na magkatulad ang mga diwa tulad ng *Ang buhay pagkatapos ng Kamatayan, Ang Pag-aalaga at Pagdidisiplina sa mga Batang Manobo, Ang Sawa, Ang Ibong Tahaw, Ang Handaen-og*, at ang *Kung Paano Pinangalanang Langasian ang Lugar na Ito*. Sa kabilang banda, may mga salin ding nakitaan ng mga konseptong hindi pagkakapareho ang mensahe sa kadahilanang minsan ay hindi angkop ang ginamit na salita. Ang mga saling ito ay *Ang Baboy at ang Leon, Ang Buhay ng mga Manobo Noon at Ngayon, Ang Buhay ni Bungkasanon, Ang Kapalit ng Pagiging Mabuti, Ang Langis na Nakabubuhay, Si Juan at si Maria*, at ang *Si Subana at ang Kanyang Alagang Buwaya na si Subano*. Bagamat may mga napansing hindi pagkakatugma ng mga ideya, napansin din naman na maayos ang pagkakasalin sa Filipino kaya pinanatili na lamang ang naipasuring salin at ang iba naman ay inayos sa pamamagitan ng pagpalit ng mas angkop na salita sa mga hindi tugmang salita.

### **Subok-Pag-unawa**

Layunin ng subok-pag-unawa na masukat ang kabisaan ng mga salin sa pamamagitan ng pagbabasa at pagpapasagot sa mga tanong na inihanda pagkatapos magbasa. Pumili lamang ng pitong (7) saling akda at ginawan ng tigliglimang katanungan ang bawat akda. Ang isinaalang-alang ng mananaliksik sa pagpili ay ang kaiklian ng kuwento (nasa isa hanggang dalawang pahina lamang) para ito ay madaling basahin ng mga mag-aaral at para rin makatipid sa oras. Sa kabuuan ay may tatlumpo't limang tanong. Sinuri ang kinalabasan ng ginawang subok-pag-unawa gamit ang *percentage* sa paghahanay ng mga nakuhang iskor ng mga mag-aaral kung saan ang 80% - Pataas ay *Excellent*, ang 60% - 79% -*Above Average*, ang 50% - 59% - *Average* at ang 49% - Pababa ay *Below Average*.

## **KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON**

Layunin ng pag-aaral na isalin sa Filipino ang piling panitikan mula sa *A Voice from the Forest* ni Teofila Bada upang magamit sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng pagtuturo ng Panitikan sa sekundarya. Pinili ng mananaliksik ang mga panitikang isasalin batay sa tatlong pamantayan: nagtataglay ng isang kuwento, nagpapakita ng kultura, at angkop sa pagtuturo ng Panitikan sa sekundarya. Mula sa 59 na panitikang nabasa, 14 lamang ang napili at isinalin sa Filipino.

Napatunayan sa pag-aaral na ito na naging epektibo ang mga proseso sa pagsasalin mula sa konsepto ng *Meaning-Based Translation* ni Larson (1998) na nakapokus sa istrukturang gramatikal, sitwasyon ng komunikasyon at ang kultural na kalagayan ng teksto ng pinagmulang wika ang nangingibabaw sa ginawang pagsasalin. Pinanindigan sa pag-aaral na ito na ang pagsasalin ay bukas-loob na kung ano ang nilalaman ng orihinal ay buo itong isinalin sa target na

wika. Sa madaling salita, dalawang akdang magkatulad na magkatulad subalit sa magkaibang wika.

Ang balik-salin ng mga naisaling akda ay nagpapatunay na kahit may mga salitang hindi kapareho sa orihinal ngunit pareho pa rin ang diwa sa orihinal. Samakatuwid, may mga pagkakataong pareho ang mga salita, mayroon ding mga sitwasyong hindi pareho ang ginamit na salita pero ang kahulugan ay magkatulad.

Ang subok-pag-unawa ay nagpapakita na karamihan sa mga kalahok ay nakakuha ng 80% pataas o *excellent* na marka. Sa kabuuan, labintatlo sa mga mag-aaral ang nakakuha ng excellent o 87% ng mga kalahok samantalang dalawang mag-aaral naman ang nakakuha ng 60-79% na marka o *above average* na nasa 13% ng kabuuang bilang ng mga kalahok. Bunga ng resultang ito, masasabi na ang mga saling akda ay angkop, mabisa at mainam gamitin sa pagtuturo bilang alternatibong panitikan upang tugunan ang kakulangan ng mga panitikang local.

Inirekomenda rin ang pagsasagawa ng mas malawak na pag-aaral upang mapabilang ang mga panitikang mula sa iba pang pangkat-etniko sa Agusan del Sur. Ang representasyon ng panitikan ng isang lugar ay maisasakatuparan lamang sa pamamagitan ng pagsasalin ng mga ito sa Filipino. Bukod dito, ang pagsasalin ng lokal na panitikan ay isang mahalagang hakbang sa pagpapayaman at intelektwalisasyon ng wikang Filipino, sapagkat itinataguyod nito ang paggamit ng Filipino sa larangan ng pananaliksik.

Inirekomenda ang paggamit ng naisaling akda bilang alternatibong babasahin sa pagtuturo ng Panitikan, bilang lokalisdong bersyon ng mga istandard na akda. Makatutulong ito upang maipakilala sa mga mag-aaral ang kanilang pinagmulan, kultura, at mga tradisyong minana mula sa mga ninuno. Maaari rin itong gamitin sa pagtuturo ng Araling Panlipunan dahil naglalaman ang mga akda ng mayamang kultura. Sa pamamagitan nito, mauunawaan ng mga mag-aaral ang kulturang hindi na nila naranasan dahil sa pagbabago ng panahon at henerasyon.

## **MGA REPERENSYA**

Afzal, N. & Ilyas M. (2021). Teaching literary texts through cultural model to EFL students. *Eurasian Journal of Applied Linguistics*, 7(2), 22-30. <http://dx.doi.org/10.32601/ejal.911502>

Bada, Teofila. (2001). *A voice from the forest: Essays on the culture and world view of the Agusan River Valley and the Diwata Mountain Ranges*. Summer Institute of Linguistics Linguistics – Philippines Inc.

Bassnett, S., & Lefevere, A. (1990). *Translation, history, and culture*. Pinter Publishers.

Chaal, H. (2018). *The Cultural constraints in literary translation*. Research Gate.

[https://www.researchgate.net/publication/326657948\\_The\\_Cultural\\_Constraints\\_in\\_Literary\\_Translation](https://www.researchgate.net/publication/326657948_The_Cultural_Constraints_in_Literary_Translation)

- Dapar, M. L. , Alejandro, G.J.D., Meve, U., & Liede-Schumann, S. (2020). Quantitative ethnopharmacological documentation and molecular confirmation of medicinal plants used by the manobo tribe of Agusan del Sur, Philippines. *Journal of Ethnobiology and Ethnomedicine*. 16(14), 2-60. <http://doi.org/10.1186/s13002-020-00363-7>
- De Guzman, N. (2007). *Pagsasalin sa Filipino ng Sinukwan: Isang literaryong epikong Kapampangan* [Unpublished doctoral dissertation]. Philippine Normal University - Manila.
- Dingayan, C.P. (2021, March 6). *Pagtuturo batay sa kultura*. Scribd. <https://tinyurl.com/bd2jz6db>
- Dominggo, N.P. (2017). Panimulang pag-aaral ng wikang Filipino sa UCLA: Mga hamon at tagumpay. *Hasaan*, 4(1), 38-61. <https://ejournals.ph/article.php?id=12114>
- Ewing, R. (2021). The role of imaginative literature in children. *Foundation for Learning and Literacy*. <https://www.foundationforlearningandliteracy.info/wp-content/uploads/2021/07/The-role-of-imaginative-literature-in-children.pdf>
- Galdonez, D.P. (2022). Tipon, salin, at suri ng mga kuwentong bayang Iloko. *International Journal of Research Studies in Education*, 11(1), 37-44. <http://dx.doi.org/10.5861/ijrse.2022.205>
- Jia, W. (2023). Indigenous language revitalization and preservation in Canada: Strategies and innovations. *International Journal of Languages, Literature and Linguistics*, 10(1), 97-102. <https://doi.org/10.18178/ijll.2024.10.1.493>
- Kinomis, X. (2016). *Indigenous knowledge systems and practices (IKSPS) in the teaching of science*. Department of Education-Baguio City. <https://tinyurl.com/yc4d383j>
- Krippendorff, K. (2013). *Content analysis: An introduction to its methodology* (3rd ed.). Thousand Oaks, CA: SAGE Publications.
- Kumar, R. (2022). Translating indigenous literature in India: A step towards national unity. *Indian Journal of Cultural Studies*, 10(1), 67-89.
- Larson, M. (1984). *Meaning-based translation: A guide to cross language equivalence*. University press of America Inc.
- Madrid, A. (2019). Pagsasalin sa Filipino ng modyul pang-awtomasyong industriyal: Tungo sa modernisasyon ng wikang Filipino. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*. 3 (2), 36-43. <https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/AAJMRA/article/view/10944>



- McCombes, S. (2023, June 22). *When to use a descriptive research design*. Scribbr. <https://www.scribbr.com/methodology/descriptive-research/>
- Merrouche, S. (2013). Teaching culture through literature. *7th International Technology, Education (ITED) and Development Conference Proceedings*, 104-111. <https://library.iated.org/view/MERROUCHE2013TEA2>
- Moral, R. (2019). Pagbuo ng sanayang aklat sa pagtuturo ng mga kuwentong-bayan ng lungsod ng koronadal: Batayan sa pagtukoy ng antas ng pagpapahalaga sa panitikang katutubo. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*, 3(2), 50-56. <https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/AAJMRA/article/view/10943>
- Newmark, P. (1998). *A textbook of Translation*. Prentice Hall International (UK) Ltd.
- Noblejas, N. S. (2021). *Pagsasalín sa kontekstong Filipino: Bigkis ng pambansang pagkakaisa*. Polytechnic University of the Philippines. [https://www.academia.edu/50687758/PAGSASALIN\\_SA\\_KONTEKSTONG\\_FILIPINO\\_BIGKIS\\_NG\\_PAAMBANSANG\\_PAGKAKAISA](https://www.academia.edu/50687758/PAGSASALIN_SA_KONTEKSTONG_FILIPINO_BIGKIS_NG_PAAMBANSANG_PAGKAKAISA)
- Philippine Normal University (2024). *University research and creative work agenda 2024-2028*. Philippine Normal University Press.
- Rani, S. (2021). Transcending boundaries: Indian literature through the lens of translation. *International Journal of Interdisciplinary Trends*, 3(1): 331-333. <https://www.multisubjectjournal.com/article/313/5-7-13-680.pdf>
- The 1987 Constitution (1987). The constitution of the Republic of the Philippines. <https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/1987->
- Vermeer, H. (1989). *Skopos theory and its applications*. Routledge.